

RentSafeTO:

Programa ng mga Pamantayan para sa mga Gusali na Apartment

RentSafeTO: Ang mga Pamantayan para sa mga Gusali na Apartment ay isang programang pagpapatupad ng batas na tumitiyak na natutugunan ng mga may-ari at tagapamahala ng mga gusali na apartment sa Toronto ang mga pamantayan sa pagmementena ng gusali.

Nararapat ang programa sa mga paupahang ari-arian na may tatlo o higit pang palapag at 10 o higit pang mga yunit. Hindi ito nararapat sa mga condominium at tirahan na pribadong pagmamay-ari.

Sa ilalim ng RentSafeTO, ang mga may-ari at tagapamahala ng gusali ay dapat:

- irehistro ang kanilang mga gusali sa Lungsod, at mag-renew taun-taon
- may proseso para sa pagsubaybay at pagtugon sa mga kahilingan para sa serbisyo sa tenant
- magsagawa ng mga regular na pag-iinspeksiyon sa mga bahaging ginagamit ng marami para sa kalinisan at mga peste
- may mga plano para sa pagmementena, basura, paglilinis at mga pagkagambala ng mahahalagang serbisyo gaya ng tubig, init, at elektrisidad
- abisuhan ang mga tenant kung magagambala ang mga serbisyo
- sumailalim sa mga karaniwang pagsusuri ng gusali
- Sumunod sa lahat ng naaangkop na batas ng Lungsod

Ang mga may-ari at tagapamahala ng gusali na hindi susunod sa mga batas ng Lungsod ay mahaharap sa pagpapatupad.

Makikita Online – Tingnan ang mga Resulta ng Pagsusuri ng Gusali

Sinusuri ng Lungsod ang RentSafeTO na mga gusali nang hindi bababa sa kada tatlong taon. Sa panahon ng prosesong ito, ini-inspeksiyon at sinusuri ng mga tauhan ang kondisyon ng mga bahaging ginagamit ng marami, mga sistemang mekanikal at seguridad, parking at mga panlabas na bakuran.

Bisitahin ang toronto.ca/RentSafeTO para tingnan ang mga resulta para sa iyong apartment.

Paano ko maipapaayos ang isang problema sa aking inuupahang yunit?

Kung mayroon kang problema sa iyong yunit o mga bahagi na ginagamit ng marami sa iyong gusali, makipag-ugnayan muna sa may-ari/tagapamahala sa iyong gusali at magsumite ng kahilingan para sa serbisyo. Maaaring kabilang sa mga halimbawa ng mga problema ang nabasag na bintana at nasirang pinto, mababa o walang init at mga peste.

Magtago ng kopya ng kahilingan para sa serbisyo para sa iyong mga rekord. Inaatasan din ang mga may-ari ng gusali na subaybayan ang mga kahilingan ng tenant para sa serbisyo.



Gaano katagal para ayusin ang problema?

Kailangang tugunan ng mga may-ari/tagapamahala ng gusali ang mga agarang kahilingan sa loob ng 24 na oras. Ang mga kahilingan ay agaran kung nauugnay ang mga ito sa pagkagambala ng mahahalagang serbisyo:

- elektrisidad
- Gas
- init
- Tubig
- paglabag sa seguridad ng gusali o mga problema sa labas ng gusali

Ang mga hindi agarang kahilingan ay dapat tugunan sa loob ng pitong araw. Kabilang sa mga halimbawa ang kaunting pinsala ng tubig o mga bagay na maaaring nasira gaya ng mga kabinet o tiles.

Hindi pa rin natutugunan ang problema?

Kung walang aksyon mula sa iyong landlord o kung nagpapatuloy ang problema, tumawag sa 311. Ipadadala ang kahilingan para sa serbisyo sa tauhan ng RentSafeTO na siyang magsasagawa ng imbestigasyon.

Puwede mong tingnan ang katayuan ng iyong kahilingan gamit ang numerong reperensiya na ibinigay sa iyo ng 311 sa toronto.ca/311.

toronto.ca/RentSafeTO